

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINILI SA KATITIKAN NG IKA 37 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 16 OKTUBRE 2000, 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Present:

Konsehal Jesus S. Dela Cruz	- Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Babcos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanelo A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Angeles D. Baulista	
Konsehal Mac Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kahalagaan

Hindi Nakadto: Vice Mayor Gonzalo C. Sinot, Jr.
Konsehal Juan S. Advincula



KAPASYAHAN BLG. 107
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAADOT NG PAGAGALAMAT SA BAYER PHILIPPINES, INC. SA MAAGAP NA PAGTUGON SA KAPASYAHAN BLG. 091 TAONG 2000 NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagpasa ng Kapasyahan Blg. 091, Taong 2000 para sa Philippine Pesticides Authority na nagpapaabot ng kahilingang ipagbawal ang pagpapalabas sa pamilihan at pagbebenta ng FURADAN 3G at FURADAN 5G dahil sa masamang epekto nito sa mga tanim, mga hayop at maging sa mga magsasaka;

SAPAGKAT ang aksyong ito ng pamunuan ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay kagyat na tinugon ng BAYER Philippines, Inc. sa pamamagitan ng pagpapadala ng kanilang kinatawan, G. Nelson P. Rosete, Technical Sales Representative at G. Robert Babaan, Supervisor (Product Stewardship) Crop Protection ng kompanya na siyang nagpaliwanag na ang mga naging masamang epekto ng FURADAN 3G ay dahil sa hindi wastong paggamit nito.

SAPAGKAT sa mahabang pag-uusap at paglimaw sa kinatawan ng Sangguniang Bayan ng Roxas at Tserman ng Liga ng mga Barangay, G. Eduardo G. Villamin, nagkaroon ng kaliwanagan ang lahat na ang pagkakamali ay nasa gumagamit na rin ng nasabing FURADAN 3G;

SAPAGKAT ang mga kinatawan ng BAYER Philippines, Inc. ay naghandog ng isang proposal na pagpapakalat ng wastong impormasyon sa mga taga barangay sa pamamagitan ng pagdarao ng isang Farmers Assembly Meeting sa Barangay Odlong sa unang linggo ng Nobyembre, 2000, walang promosyon ng ibang pestisidyo / Insektisidyo kundi ang komprehensibong pagpapaliwanag sa tamang paggamit ng FURADAN 3G lamang.

SAPAGKAT ang proposal na ito ay isang malaking tulong lalo na sa mga magsasaka ng bayang ito upang makaroon ng dagdag kaalaman sa wastong paggamit ng FURADAN 3G;

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nagpapasalamat sa BAYER Philippines, Inc. sa pagbibigay nila ng kagayut na pag-aksyon sa isang problemang kinakaharap ng mga mamamayan ng Roxas at sa kanilang handog na isang araw na pagpapaliwanag ng tamang impormasyon sa mga magsasaka sa paggamit ng FURADAN 3G.


DAHIL DITO sa mungkahi ni Kon. Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan nina Kagawad Angeles D. Bautista at Juanito A. Bacay, Jr.

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang lubos na pasasalamat sa BAYER Philippines, Inc. sa maagap na pag-aksyon sa Kapasyahan Big. 081, taong 2000 ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa BAYER Philippines, Inc., Bayer House, Cenlubong Industrial Estate, Calamba, Laguna 4028 para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

PINAGTIBAY ng lahat 10 Oktubre 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian


PINATITIBAYAN:


JESUS S. DELA CRUZ
SD Member
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/


Resurreccion
10/25/00
10:00 PM